## Pagsisimula Nang Ligtas

# PAGTUTURO SA BAHAY NG KALIGTASAN SA KALSADA

### Mga karanasan sa pakatuto na tutulong sa mga bata na maging mas ligtas sa ating mga kalsada

Tagalog







EARLY LEARNING ASSOCIATION AUSTRALIA

Starting Out Safely

# Paggawa at paggamit ng mga karatula sa kalye (street signs)

## Ang paggawa at paggamit ng mga karatula sa kalye ay tutulong sa mga bata na malaman ang mga patakaran sa kalsada na nagpapanatiling ligtas sa lahat kapag ginagamit nila ang ating mga kalsada.

18 buwan–8 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*
**Mga batang may edad na 18 buwan – 8 taon.**
Ang mas maliliit na bata ay mangangailangan ng tulong, mag-isang magagawa ng mga nakatatandang bata ang karamihan ng mga ito.

### ANG KAKAILANGANIN MO

Karton (ang lumang kahon ng cereal ay tamang-tama para sa mga maliliit na karatula, ang malaking karton ay magagamit para sa malalaking karatula);

Mga pintura;

May kulay na mga plumang pangmarka at/o may kulay na papel;

Mga ruler o iba pang patpat na gagamiting panghawakan ng mga karatula sa kalye kung kailangan.

### PAANO ITO GAGAWIN


Gumawa ng sarili mong mga karatula sa kalsada – maaaring maliit ang mga ito para sa panloob na paglalaro na may mga laruang sasakyan o malaki para sa labas na paglalaro na gamit ang mga bisikleta o scooter.

Gumuhit ng mga hugis at lagyan ng palamuti gamit ang link na ito upang malaman ang tungkol sa mga karatula. Maaari ka ring gumawa ng mga karatula na nakikita mo sa inyong pook. Pag-usapan ninyo ng iyong anak kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.

Magagamit ang maliliit na karatula sa mga set ng tren o daan ng sasakyan. Kapag nakikipaglaro sa iyong anak, pag-usapan ninyo ang tungkol sa mga karatula at sundin ang mga panuntunan. *"O tingnan mo, ito ay karatula ng paghinto (stop sign). Kailangan kong huminto dito."*

Magagamit ang malalaking karatula sa labas upang himukin ang aktibong paglalaro at ang mga aksyon habang nasa kanilang bisikleta, scooter o naglalakad at tumatakbo sa palibot ng hardin.








# Paggawa at paggamit ng mga karatula sa kalye (street signs)

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Ang mga panuntunan sa kalsada at ang mga karatula sa kalye ay tumutulong sa atin na matandaan ang dapat gawin.

Paano 'huminto, umandar, magdahan-dahan' ang wikang ito ay tumutulong sa kanila upang makasunod sa mga panuntunan sa kalsada sa kalaunan - pinapanatili silang ligtas.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Magsimula sa ilang pamilyar na mga karatula - maaari kang pumili ng ilan habang naglalakad kayo sa isang araw at pagkatapos ay lumikha ng mga ito. Unti-unting magdagdag ng mga karatula habang nagiging pamilyar ang iyong anak sa mga ito.

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT KUNG ANO ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

Kapag nasa labas kayo at naglalakad – *"Anong mga karatula ng trapiko (traffic signs) ang nakikita mo?" "Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng mga karatulang ito?"*

Ipaliwanag kung para saan ang mga karatula - "Ang karatulang ito ay nagsasabi sa akin na maaari tayong maglakad dito pero mayroon ding mga nagbibisikleta, kaya kailangan nating maglakad sa bandang kaliwa."

## MGA PARAAN PARA PAHABAIN ANG AKTIBIDAD NA ITO

Gumamit ng kartong kotse at mga karatula ng trapiko - tingnan ang link para malaman kung paano gumawa nito.

Maglaro ng mga stop, go, mga musical statue gamit ang musika ng kaligtasan sa kalsada. Ipakita ang traffic sign sa pagsisimula mo at itigil ang musika upang matulungan ang mga bata na matutong huminto at umandar.

## MGA AWIT NA KAKANTAHIN KASAMA NG MGA BATA

https://childroadsafety.org.au/parents/road-safety-songs/

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://childroadsafety.org.au/parents/parent-resource/




MAGTANONG...

*"Anong mga karatula ng trapik (traffic sign) ang nakikita mo?"*

*"Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng mga karatula?"*



Starting Out Safely

# Paggawa ng mga helmet para sa mga laruan

Ang paggawa ng helmet para sa mga laruan ng mga bata ay tumutulong sa mga bata na matuto tungkol sa pagsusuot ng mga helmet tuwing sila ay sasakay sa bisikleta o sa laruang may gulong.

18 buwan–8 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*
**Mga batang may edad na 18 buwan – 8 taon.**
Ang mas maliliit na bata ay mangangailangan ng tulong, mag-isang magagawa ng mga nakatatandang bata ang karamihan ng mga ito.

## ANG KAKAILANGANIN MO

Isang pinaglagyan ng mantekilya, yoghurt o iba pang bilog na lalagyan;

Laso (ribbon), panlinis ng kuwako (pipe cleaner) o lastiko;

Mga sticker o iba pang dekorasyon (opsyonal).

## PAANO ITO GAGAWIN

Maghanap ng lalagyan mula sa iyong mga gamit na ireresiklo na magkakasya sa ulo ng laruan ng iyong anak (isang teddy bear, malambot na laruan, o manyika).

Gupitin ang ilang ribbon, lastiko o mga pipe cleaner ayon sa tamang laki.

Gumawa ng ilang butas sa gilid para maipalusot ang mga strap at ikabit. Maaari mo ring i-staple ang mga ito o gumamit ng masking tape.

Lagyan ng dekorasyon ang helmet.

Hikayatin ang iyong anak na gamitin ang helmet tuwing magkakasama silang nagbibisikleta ng kaniyang mga kaibigan o sa kanilang mga laruang de gulong.





# Paggawa ng mga helmet para sa mga laruan

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Ang pagsusuot ng helmet ay mahalaga upang manatili tayong ligtas kapag tayo ay nagbibisikleta, scooter, o laruang may gulong.

Ang helmet ay sapilitan sa Victoria, ito ang batas.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Ang pagsusuot ng helmet sa lahat ng oras, kahit na sa likod-bahay lang kapag sumasakay ang iyong anak sa isang laruang may gulong, ay nangangahulugan na ito ay isang kagawian na hindi niya malilimutan. Pagkatapos niyang sumakay sa kaniyang laruang may gulong, alisin ang helmet.

Kailangan ding magsuot ng helmet ang mga matatanda. Laging maging huwaran ng mabuting gawi.

Laging magsuot ng helmet kahit na sandali ka lang magbibisikleta sa likod-bahay.

Ang mga pang-araw na sombrero (sun hat) na nasa ilalim ng helmet ay nagpapahina sa mga helmet – tanggalin muna ang iyong sombrero (siguraduhing mayroon kang sunscreen kung kailangan mo).

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT KUNG ANO ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

Ang helmet ay kailangang tamang-tama ang sikip para hindi ito umuga at nang maprotektahan nito ang harap pati na rin ang likod ng iyong ulo, kaya piliin ang tamang sukat.

Kailangan nating protektahan ang ating ulo sa lahat ng oras at ang mga ulo ng ating espesyal na mga kaibigan.

Kung tatanungin mo ng, *"Dala-dala ba ni teddy ang helmet≈niya?"* malamang na kukunin din ng iyong anak ang kanyang helmet nang hindi mo na siya kailangang paalalahanan pa - ito ay naghihikayat sa mga bata na huwag kalimutang magsuot ng kanilang helmet.

## MGA PARAAN PARA PAHABAIN ANG AKTIBIDAD NA ITO

Maaari mo ring pag-isipan ang tungkol sa: Paggawa ng sarili mong car seat o bike seat para sa isang laruan sa isang bisikleta o scooter.

## MGA KANTA TUNGKOL SA PAGSUSUOT NG HELMET

https://childroadsafety.org.au/wp-content/uploads/2020/06/04-Track-4.mp3

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://childroadsafety.org.au/parents/helmets/

https://www.vicroads.vic.gov.au/safety-and-road-rules/road-safety-education/helmet-tips-for-parents-and-carers



**MAGTANONG...**

*"Dala-dala ba ni teddy ang helmet niya?"*

Starting Out Safely

# Paggawa ng mapa

## Ang paggawa ng mapa ay sumusuporta sa mga bata na mag-isip at magplano kung paano magiging ligtas kapag sila ay nasa labas.

4 – 8 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamabuti para sa:*
Mga batang may edad na 4 – 8 taon.

### ANG KAKAILANGANIN MO

Mga papel at lapis, felt tip pen o krayola



### PAANO ITO GAGAWIN

Magpasya kung anong lugar ang gagawan mo ng mapa. Magsimula sa isang lugar na pamilyar sa iyong anak, halimbawa mula sa iyong bahay patungo sa kalapit na tindahan o parke, o isang lugar na pipiliin ng iyong anak.

Hilingin sa iyong anak na iguhit muna ang inyong lugar at pagkatapos ay tanungin ang iyong anak ng *"Paano tayo makakarating sa....?"*

Halimbawa, *"Maiguguhit mo ba ang ating bahay?" "At ang parke?" "Paano tayo makakapunta sa parke mula sa ating lugar?" "Maiguguhit mo ba ako ng mapa?" "Saan ang pinakaligtas na tawiran ng kalye para makarating sa parke?" "Makakapunta ba tayo doon nang hindi tumatawid ng kalsada?"*

Hikayatin ang iyong anak na gumuhit ng mga palatandaan (mga puno, parke, gusali, tulay), kalye, ibang mga bahay atbp.

Pagkatapos, gamitin ang iyong mapa para makapunta sa iyong destinasyon.



# Paggawa ng mapa

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Ang paghikayat sa iyong anak na isipin kung nasaan siya kapag nasa labas ng bahay ay makakatulong sa kanilang malaman ang kanilang lokal na komunidad at matutunan ang pasikot-sikot sa paligid habang siya ay lumalaki.

Ang pinakaligtas na paraan para marating ang isang lugar – sa pamamagitan ng pagguhit ng mga tawiran ng tao o mga ilaw ng trapiko, kung naaangkop, sa mapa maaari ninyong pag-usapan ang pinakaligtas kaysa sa pinakamabilis na paraan upang marating ang isang lugar.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Kapag gumagamit ka ng mapa para mahanap ang iyong patutunguhan, maglaan ng maraming oras. Hindi ito mabilisang biyahe. Palaging maghawak-kamay habang naglalakad at huminto upang tingnan ang mapa sa halip na sabay na naglalakad at nagbabasa ng mapa.

Kapag gumuguhit ng mapa at kapag nasa labas kayo, ituro ang kinaroroonan ng mga ligtas na lugar. Halimbawa, ang istasyon ng pulis, bahay ng kaibigan o kamag-anak, ang kindergarten. Kausapin ang iyong mga anak kung sino ang maaari nilang hingan ng tulong kung sakaling kailanganin nila ito.

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT KUNG ANO ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

Pag-usapan kung anong mga punto sa mapa ang maaaring hindi ligtas at bakit.

Pag-usapan kung paano kayo magiging ligtas kapag narating ninyo ang mga lugar na iyon.

## MGA AWIT NA KAKANTAHIN KASAMA NG MGA BATA

https://childroadsafety.org.au/parents/road-safety-songs/

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://childroadsafety.org.au/wp-content/uploads/2020/06/Parent-Resource.pdf



**MAGTANONG...**

*"Paano tayo makakapunta sa parke mula sa ating bahay?"*

*"Maaari mo ba akong iguhit ng mapa?"*

# Laro na may mga direksyon sa kaligtasan sa kalsada

Ang laro na may mga direksyon ng kaligtasan sa kalsada ay isang masayang paraan upang matutunan at gamitin ang mga salita at ideya na naglalarawan sa pagiging ligtas sa ating mga kalsada.

3 - 8 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*

Mga batang may edad na 3 – 8 taon.

## ANG KAKAILANGANIN MO

**May kulay na mga bilog (spots) o mga parisukat na gawa sa papel para ilagay sa sahig o damuhan** (kung mayroon kang ligtas na lugar para iguhit ang mga ito sa kongkreto, magagawa mo iyon gamit ang tisa (chalk) pero iwasan ang daanan ng sasakyan (driveway). Magsimula na may mga 16 na spot at dagdagan ang mga ito habang lumalaki ang kumpiyansa ng iyong anak sa laro.

**Isang parisukat na kahon na gagamitin bilang dice.**

**Papel at mga marker.**

**Isang ligtas na lugar para maglaro.**

## PAANO ITO GAGAWIN

**Ang layunin ng laro ay maglakbay mula sa simula hanggang sa pangkatapusang tuldok.**

**Ilagay ang START (SIMULA)** sa isa sa mga spot at **FINISH (WAKAS)** sa isa pa.

**Gumawa ng dice na may 6 na direksyong nakasulat sa mga panig nito** - pasulong, pabalik, kaliwa, kanan, maghintay at umandar

**Ilagay ang mga may kulay na spot sa isang kaayusang grid pattern,** idistansya ang mga ito para madaling makahakbang ang iyong anak mula sa isa papunta sa kasunod.

**Maghalinhinan**kayo ng pagtira o ng isa pang bata, bawat bata ay maghahagis ng dice at susundin ang mga direksyon na nakasulat dito.

Kung hahakbang ka nang pasulong, pabalik, pakaliwa o pakanan, humakbang sa isang spot sa tamang direksyon;

Kung lumabas sa dice ang 'maghintay', hindi ka dapat gumalaw;

Kung lumabas sa dice ang 'humakbang', maaari kang lumipat sa anumang direksyon;

Kung mapunta ka sa isang spot na mayroon nang isang tao, maaari kayong magsiksikan doon.







# Laro na may mga direksyon sa kaligtasan sa kalsada

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Ang mga direksyon ay mahalagang bahagi ng wika ng kaligtasan sa kalsada – kaliwa at kanan, maghintay at umandar ay mga salitang ginagamit natin sa lahat ng oras kapag pinag-uusapan ang pagtingin sa trapiko. Ang larong ito ay tumutulong sa mga bata na magsanay nang ligtas sa mga ito.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

**Ang mga daanan ng sasakyan (driveways) ay lubhang mapanganib na mga lugar para maglaro** – mangyaring gawin ang larong ito sa isang ligtas na lugar tulad ng deck, likod-bahay, nakabakod na konkretong lugar o sa loob.

## MGA AWIT NA KAKANTAHIN KASAMA NG MGA BATA

https://childroadsafety.org.au/parents/road-safety-songs/

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://childroadsafety.org.au/parents/parent-resource/

PAANO MAGLARO NG...

*Gumawa ng isang dice na may 6 na tagubilin na nakasulat sa mga panig nito - pasulong, pabalik, kaliwa, kanan, maghintay at umalis.*

*Ang layunin ng laro ay makapunta mula sa simula (start) hanggang sa katapusang tuldok (finish dot).*



Starting Out Safely

# Larong hanap kayamanan na kaligtasan sa kalsada (Road safety treasure hunt)

Ang road safety treasure hunt ay isang masayang paraan para matutunan ang tungkol sa mga gamit (tool) sa kaligtasan sa kalsada sa lokal na kapaligiran ng mga bata at kung paano gagamitin nang ligtas ang kalsada at ang mga salita na ginagamit sa kaligtasan sa kalsada.

3 - 8 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*
**Mga batang may edad na 3 – 8 taon.**
Ang mas maliliit na bata ay mangangailangan ng tulong, mag-isang magagawa ng mga nakatatandang bata ang karamihan ng mga ito.

## ANG KAKAILANGANIN MO

Ang listahan para sa road safety treasure hunt.

Isang taong may hustong edad ang kasama sa treasure hunt ng iyong anak.



## PAANO ITO GAGAWIN

Pag-usapan ang mga bagay sa listahan kasama ang iyong anak/mga anak bago maghanap. Ano ang iba pang mga bagay na maaari mong mahanap - magdagdag sa listahan ng ilang sariling mga bagay.

Alam ba ng iyong anak kung malapit lang ang mga bagay na ito?

Gumuhit ng larawan ng bagay bago kayo pumunta para matandaan ng iyong anak kung ano ang hahanapin niya.

Maglakad sa paligid ng inyong lokal na lugar at hanapin ang mga bagay na nasa listahan ng treasure hunt - lagyan ng tsek ang mga ito kapag nahanap na.

Pag-usapan kung paano nakakatulong ang mga bagay na ito para panatilihin tayong ligtas sa kalsada. Halimbawa, naroon ang daanan (footpath) kaya hindi na natin kailangang maglakad sa kalsadang malapit sa mga sasakyan, ipinapaalam sa atin ng gilid ng kalsada (kerb) na kailangan nating huminto at tingnan ang trapiko bago tumawid, ipinapaalam sa atin ng mga karatula ng bilis (speed sign) kung gaano kabilis tumatakbo ang mga sasakyan.



# Larong hanap kayamanan na kaligtasan sa kalsada (Road safety treasure hunt)

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Paano makilala ang mga gamit (tool) sa kaligtasan sa kalsada sa kanilang lokal na kapaligiran, paano gagamitin ang kalsada nang ligtas, ang bokabularyo ng kaligtasan sa kalsada.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Makipag-usap sa iyong anak tungkol sa kahalagahan ng pagiging ligtas para sa iyo at sa inyong pamilya.

Ang pananatiling ligtas kapag naglalaro ng larong ito, o anumang ibang aktibidad, kapag nasa labas at sa paligid ng inyong komunidad ay isang bagay na dapat nating tandaang gawin.

Maaari mong sabihin na, *"Tumigil tayo dito sa daanan ng tao (footpath) at tingnan ang karatula ng bilis (speed sign) para makapagtuon tayo sa paghahanap at pagkatapos ay magpatuloy sa paglalakad kapag nahanap na natin ito."*

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT KUNG ANO ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

*"Bakit kailangan natin ito?"*

*"Paano ito makakatulong para panatilihing ligtas ang lahat?"*

*"Ano sa tingin mo ang mangyayari kung ang lahat ng mga senyal sa trapiko (traffic sign) at gamit (tool) ay wala dito?"*

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://childroadsafety.org.au/pedestrians/children-as-pedestrians/

**MAGTANONG...**

*"Bakit kailangan natin ito?"*

*"Paano ito makakatulong para panatilihing ligtas ang lahat?"*



# Larong hanap kayamanan na kaligtasan sa kalsada (Road safety treasure hunt)

| BAGAY (ITEM) PARA SA KALIGTASAN SA KALSADA | ANG PAGGUHIT MO NG BAGAY (ITEM) | ✓ ✕ |
|---|---|---|
| Karatula ng paghinto (stop sign) | | |
| Daanan ng tao (footpath) | | |
| Tawiran ng tao (pedestrian crossing) | | |
| Karatula ng bilis (speed sign) | | |

# Larong hanap kayamanan na kaligtasan sa kalsada (Road safety treasure hunt)

| BAGAY (ITEM) PARA SA KALIGTASAN SA KALSADA | ANG PAGGUHIT MO NG BAGAY (ITEM) | ✓ ✕ |
|---|---|---|
| Daanan ng Sasakyan (Driveway) | | |
| Gilid ng Kalsada (kerb) | | |
| Mga ilaw trapiko (traffic lights) | | |
| Tawiran sa daanan ng tren (Level crossing) | | |

# Larong hanap kayamanan na kaligtasan sa kalsada (Road safety treasure hunt)

| BAGAY (ITEM) PARA SA KALIGTASAN SA KALSADA | ANG PAGGUHIT MO NG BAGAY (ITEM) | ✓ ✕ |
|---|---|---|
| Pinagsasaluhang daanan ng bisikleta at tao (Shared bike/footpath) | | |
| Iguhit nang mag-isa | | |
| | | |
| | | |

# Mga road sign na larong kard (road sign card games)

Ang paglalaro ng road sign card game ay makakatulong sa mga bata na malaman ang tungkol sa mga karatula na tumutulong sa ating lahat na maging ligtas sa ating mga kalsada. Kapag mas maraming bata ang naglalaro ng mga karatulang ito, mas malalaman nila kung ano ang ibig sabihin ng mga ito kapag sila ay nasa labas.

3 - 8 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*
Mga batang may edad na 3 – 8 taon.

## ANG KAKAILANGANIN MO

Isang de-color na printer o isang itim at puting printer para sa bersyon na 'kulayan mo ito nang mag-isa'

Cardboard na didikitan ng mga card (ang kahon ng cereal o biskwit ay tamang-tama)

Pandikit

Mga marker na may kulay kung kukulayan ang sarili mong mga karatula

## PAANO ITO GAGAWIN

I-printa ang iyong krokis ng card (card template) at kulayan ang mga ito gamit ang bersyong may kulay bilang gabay kung kinakailangan.

Gupitin ang mga card at idikit ang mga ito sa paanan ng karton

Gamitin ang mga card para maglaro ng iba't ibang mga card game – snap, memory, go fish






# Mga road sign na larong kard (road sign card games)

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Mga salita na tutulong sa mga bata na matutunan ang pagiging ligtas sa mga kalsada.

Paano makikilala ang mga karatula sa kalye at malalaman ang ibig sabihin ng mga ito.

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

*"Ano ang ibig sabihin ng karatulang ito"?*

*"Ano ang gagawin mo kung nakita mo ang karatulang ito?"*

Kung ang iyong anak ay nahihirapang makilala ang karatula, maaari mong ilarawan ang aksyon. Halimbawa, sa 'go fish'

*"Mayroon ka bang karatula na nagsasabi sa atin na kailangan nating magdahan-dahan?"*

## MGA PARAAN PARA PAHABAIN ANG AKTIBIDAD NA ITO

Gumawa ng sarili mong malalaking karatula sa kalye na gagamitin sa mga bisikleta at scooter sa labas sa likod ng bakuran.

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG


https://childroadsafety.org.au/parents/parent-resource/





**MAGTANONG...**


***"Ano ang ibig sabihin ng karatula?"***


***"Ano ang gagawin mo kung nakita mo ang karatulang ito?"***



CHILDREN
STOP
CROSSING
ONLY
RAILWAY CROSSING
STOP
GIVE
WAY
ONLY
40







40





STOP



ONLY





RAILWAY
CROSSING


GIVE
WAY


CHILDREN
STOP
CROSSING


ONLY



## Pagtuturo sa Bahay ng Kaligtasan sa Kalsada

**Mga karanasan sa pagkatuto na tutulong sa mga bata na maging mas ligtas sa ating mga kalsada**

Starting Out Safely

# Kaligtasan ng sinturon sa upuan (seat belt)– paggawa ng sasakyan na kartong kahon

Ang paggawa at paggamit ng carboard box na kotse ay tutulong sa mga bata na matutunan ang kahalagahan ng seat belt at kung paano tayo pinapanatiling ligtas nito kapag tayo ay nasa sasakyan.

18 buwan - 4 na taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*
**Mga batang may edad na 18 buwan – 4 na taon.**
Ang mas maliliit na bata ay mangangailangan ng tulong, mag-isang magagawa ng mga nakatatandang bata ang karamihan ng mga ito.

## ANG KAKAILANGANIN MO

Isang kartong kahong may sapat na laki para makapasok ang iyong anak – ang isang malaking karton ng lampin (nappy) ay tamang-tama para dito

Mga gamit sa sining (art materials) para sa dekorasyon ng kahong sasakyan
– gamitin mo kung ano ang mayroon ka.

Mahahabang ribbon o tela na gagamitin bilang seat belt (Upcycling tip - maaari mong gupitin nang pira-piraso ang mga lumang t-shirt).

Isang bilog na bagay na gagamitin bilang manibela
– halimbawa, isang papel o plastik na plato.

## PAANO ITO GAGAWIN

Gupitin para matanggal ang ilalim (base) ng kahon, iwan lamang ang mga gilid.

Magdagdag ng mga ribbon o tape bilang mga strap na gagamitin bilang seat belt at para itindig ang kotse sa pamamagitan ng paggawa ng ilang butas sa kahon at pagtali ng ribbon dito.

Dekorasyunan ang kahon gamit ang iyong mga craft material.

Magdagdag ng mas maliit na kahon sa likod bilang car seat ng kotse para sa paboritong laruan - huwag kalimutan ang tamang uri ng seat belt para sa laruan.

Sumakay kayo, ilagay ang inyong seat belt at paandarin ito!

Pag-usapan ang tungkol sa seat belt at kaligtasan ng car seat.



# Kaligtasan ng seat belt – paggawa ng sasakyang karton na kahon

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Mga salitang naglalarawan sa pagiging ligtas at tutulong sa mga batang matutunan ang pagiging ligtas sa mga kalsada.

Kailangan ng lahat ng angkop na seat belt o car seat sa kotse upang manatiling ligtas.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Kapag gumagamit tayo ng wikang pangkaligtasan sa kalsada, mas magiging pamilyar sa mga anak natin ang mga ito. Ginagawa nitong mas madaling maunawaan ang mga panuntunan sa kalsada at ang kahalagahan ng kaligtasan sa kalsada habang sila ay lumalaki.

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT KUNG ANO ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

*"Ligtas ba ang lahat sa kotse?" "Naka-seat belt ka na ba?" "Ligtas na bang umandar? O sige, alis na tayo".*

Talakayin ang mga konsepto na tulad ng hinto (stop), andar na (go), mabilis (fast), mabagal (slow).

Itaas ang mga karatula ng trapiko (tingnan ang aming mapagkukunan para malaman kung paano gumawa ng mga ito) para sa iyong anak at bigyan ng tagubilin - Huminto (stop), umandar (go), magbigay daan (give way), magdahan-dahan (slow down).

## MGA AWIT NA KAKANTAHIN KASAMA NG MGA BATA

https://childroadsafety.org.au/parents/road-safety-songs/

## MGA PARAAN PARA PAHABAIN ANG AKTIBIDAD NA ITO

Gumawa ng sarili mong mga karatula sa kalsada (street signs) at ilagay ang mga ito sa bahay o sa likod-bahay. Tingnan ang aming mga aktibidad sa mga street sign para malaman kung paano ito gawin.

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://childroadsafety.org.au/cars/child-car-seats/




**MAGTANONG...**

***"Lahat ba kayong nasa kotse ay ligtas?"***

***"Nakakabit ba ang mga seat belt ninyo?"***

Starting Out Safely

# Pamamasyal kasama ang mga bata na nasa pram – STOP (HUMINTO) LOOK (TUMINGIN) LISTEN (MAKINIG) THINK (MAG-ISIP)

Ang paglalakad kasama ang iyong anak habang siya ay nasa pram ay isang magandang paraan upang tulungan siyang matuto tungkol sa pagiging ligtas bilang isang pasahero at magsimulang maunawaan kung paano STOP (HUMINTO) LOOK (TUMINGIN) LISTEN (MAKINIG) THINK (MAG-ISIP) kapag siya ay nasa labas.

Pagkapanganak - 3 taon

*Ang karanasang ito ay pinakamahusay para sa:*
Mga batang may edad na mula kapanganakan hanggang 3 taon.

## ANG KAKAILANGANIN MO

Isang ligtas gamitin na pram o stroller.

Pumunta sa link na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga ligtas na pram at stroller https://www.productsafety.gov.au/products/babies-kids/kids-equipment/prams-strollers.

Para sa impormasyon tungkol sa mga tip sa pagbili at ligtas na paggamit pumunta sa https://raisingchildren.net.au/babies/safety/equipment-furniture/pram-stroller-safety

Maaari rin itong gawin habang bitbit mo ang iyong anak sa baby carrier o hawak ang kamay ng isang paslit. Gayunpaman, hindi inirerekomenda ang mga baby carrier para sa mga batang wala pang 4 na buwan.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa https://raisingchildren.net.au/newborns/safety/equipment-furniture/baby-carrier-sling-safety.

## PAANO ITO GAGAWIN

Siguraduhing ligtas ang iyong anak sa kanyang pram – na may tamang lapat ng pangsinturon (harness), kabilang ang mga strap sa balikat.

Ipaliwanag kung ano ang iyong ginagawa at bakit ito ginagawa habang kinakabitan mo ng harness ang iyong anak sa kaniyang pram.

Laging lumakad sa pinakaligtas na paraan, sa halip na sa pinakamaikli o pinakamadaling paraan.





# Pamamasyal kasama ang mga bata sa pram – STOP (HUMINTO) LOOK (TUMINGIN) LISTEN (MAKINIG) THINK (MAG-ISIP)

Starting Out Safely

## ANG NATUTUTUNAN NG IYONG ANAK

Maraming wika tungkol sa ligtas na paglalakad sa mga kalye. Mga pangalan ng iba't ibang bahagi ng kalye kabilang ang footpath (daanan ng mga tao), traffic lights (mga ilaw-trapiko), kerb (gilid ng kalsada) atbp.

Na sineseryoso mo ang paglalakad nang ligtas – na pinapanatili mo silang ligtas.

Bagama't hindi natin inaasahan na mauunawaan ng mga bata kung bakit kailangan nilang STOP (HUMINTO) LOOK (TUMINGIN) LISTEN (MAKINIG) THINK (MAG-ISIP) sa edad na ito; pero kung magiging pamilyar sila sa konsepto, mas madali para sa kanila na matandaan na gawin ito sa malaunan.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Maging isang mabuting huwaran – kaya ipakita sa iyong anak kung paano:

- Maglakad sa mga tawiran ng pedestrian o mga ilaw ng trapiko (kung mayroon) at iwasang tumawid sa kalye sa gitna ng mga sasakyan.
- Tumawid lang kapag nag-ilaw na ang berdeng senyales para sa paglalakad.
- Kung walang tawiran, piliin ang pinakaligtas, pinakamalinaw, at kitang-kitang lugar na matatawiran.
- Laging tumingin sa magkabilang direksyon bago tumawid sa kalsada.
- Ituon ang isip habang nasa gilid ng kalsada bago tumawid (huwag makipag-usap sa telepono o makipag-usap sa ibang tao).
- Palaging suriin kung may mga gumagalaw na sasakyan sa mga daanan ng sasakyan (driveways).

## MGA ITATANONG SA IYONG ANAK AT KUNG ANO ANG DAPAT NINYONG PAG-USAPAN

Kausapin ang iyong sanggol/anak kung bakit kayo humihinto sa gilid ng kalsada, tinitingnan ninyo ang mga sasakyan na palabas ng driveway at kung paano ninyo malalaman na ligtas na. Halimbawa:

*"Tinitingnan ko ang traffic." "Nakikita mo ba ang bisikletang paparating?" "Napakabilis niyang magbisikleta, kaya maghintay muna tayo."*

*"Kailangan nating tiyakin na ligtas nang tumawid."*

*"Lumakad tayo hanggang sa mga ilaw trapiko (traffic lights), mas ligtas tumawid doon."*

*"Kapag huminto kami sa kerb, palagi akong humihinto at tinitingnan ang trapiko."*

*"Naririnig ko ang isang malakas na trak, maghintay tayo hanggang sa makita natin kung nasaan ito?"*

## MGA AWIT NA KAKANTAHIN KASAMA NG MGA BATA

Maaari mong kantahan ang mga bata tungkol sa kaligtasan sa kalsada. Matututunan ng mga bata ang mga kanta kapag naririnig nila ang mga ito nang madalas - ang matuto ng kanta ay lilikha ng pakiramdam na pamilyar kaya habang tumatanda ang mga bata, natututunan nila kung paano gawin ang mga aksyon.

Tingnan ang link

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

https://rednose.org.au/article/prams-and-strollers



**MAGTANONG...**

*"Halika na at lumakad tayo papunta sa mga ilaw trapiko, mas ligtas tumawid doon." "Kailangan nating tiyakin na ligtas tumawid."*

Mga Tala

**KARAGDAGANG IMPORMASYON > childroadsafety.org.au**